# SI PHILOBUS, KOPTIKONG PARI AT MISYONARYO NA EHIPSIYANO (BAHAGI 2 NG 2)

**Marka:**

**Paglalarawan?:** Ang isang pari na sa isang pagkakataon ay aktibong nagkakalat ng mga maling akala patungkol sa Islam ay niyakap ang Islam (bahagi 2).

**Kategorya:**
Mga Artikulo Mga kuwento ng mga Bagong Muslim Mga Pare at mga Relihiyosong Personalidad.

**Ni:** Ibrahim Khalil Philobus

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020

**Huling binago noong:** 01 Jul 2007

Nang gabing iyon, madramang tinapos ni G. Khalil:

“Ginawa ko ang aking pinal na desisyon. Kinaumagahan ay nakipag-usap ako sa aking asawa kung saan mayroon akong tatlong anak na lalaki at isang anak na babae. Ngunit sa lalong madaling panahon ay naramdaman niya na ako ay may interes na yakapin ang Islam kaya siya ay umiyak at humingi ng tulong mula sa pinuno ng misyon.Ang kanyang pangalan ay Monsieur Shavits mula sa Switzerland. Siya ay isang napakatuso.Nang tinanong niya ako tungkol sa aking tunay na saloobin, prangkahan kong sinabi sa kanya ang talagang nais ko at pagkatapos ay sinabi niya: Ibilang mo ang iyong sarili na wala na sa trabaho ng aming madiskubre kung anuman ang nangyari sayo. Pagkatapos ay sinabi ko: Ito ang aking pagbibitiw sa aking trabaho.Sinubukan niya akong kumbinsihin na ipagpaliban ito, ngunit iginiit ko. Kaya gumawa siya ng tsismis sa mga tao na nagalit ako. Sa gayon ay nagdusa ako sa isang matinding pagsubok at pang-aapi hanggang sa tuloyan kong nilisan ang Aswan at bumalik sa Cairo."

Nang tanungin siya tungkol sa mga pangyayari sa kanyang pagbabalik ay sumagot siya: “Sa Cairo, ipinakilala ako sa isang kagalang-galang na propesor na tumulong sa akin na malampasan ang aking matinding pagsubok, at ito ang ginawa niya nang walang nalalaman tungkol sa aking kwento. Itinuring niya ako bilang isang Muslim, sapagkat ipinakilala ko ang aking sarili sa kanya ng ganon gayunman hanggang doon ay hindi ko pa niyakap ang Islam nang opisyal.Iyon ay si Dr. Muhammad Abdul Moneim Al Jamal, ang pangalawang kalihin sa ingat-yaman.Siya ay lubos na interesado sa mga pag-aaral ng Islam at nais niyang gumawa ng isang pagsasalin ng Banal na Quran na mailalathala sa Amerika. Hiniling niya sa akin na tulungan siya dahil ako ay mahusay sa Ingles mula nang makuha ko ang aking M.A. mula sa isang American University.Alam din niya na naghahanda ako ng isang paghahambing na pag-aaral sa Quran, sa Torah at sa Bibliya.Nagtulungan kami sa pag-aaral na ito at sa pagsasalin ng Quran.

Nang malaman ni Dr. Jamal na nagbitiw ako sa aking trabaho sa Aswan at wala na akong trabaho, tinulungan niya ako sa isang trabaho sa Standard Stationery Company sa Cairo. Kaya't ako ay maayos na nakapagtatag pagkatapos ng isang maikling sandali.

Hindi ko sinabi sa aking asawa ang tungkol sa aking hangarin na yakapin ang Islam, kaya naisip niya na nakalimutan ko ang buong pangyayari, at ito ay wala lang kundi isang transitoryal na krisis na hindi na umiiral. Ngunit alam ko ng lubosan na ang aking opisyal na pagbabalik-loob sa Islam ay nangangailangan ng kumplikadong mahabang hakbang, at sa katunayan ito ay isang labanan na ginusto kong ipagpaliban ng ilang oras hanggang sa ako ay maayos at makumpleto ang aking paghahambing sa pag-aaral."

Pagkatapos ay nagpatuloy si G. Khalil:

“Noong 1955 natapos ko ang aking pag-aaral at ang aking materyal at ang aking pamumuhay ay naging maayos.Nagbitiw ako sa kumpanya at nagtatag ng isang tanggapan ng pagsasanay para sa pag-aangkat ng mga kagamitan sa pagsulat at paaralan.Ito ay isang matagumpay na negosyo na kung saan nakakuha ako ng mas maraming pera kaysa sa kailangan ko.Sa gayon ay nagpasya akong ipahayag ang aking opisyal na pagbabalik loob sa Islam. Noong ika-25 ng Disyembre 1959, Nagpadala ako ng isang telegrama kay Dr. Thompson, pinuno ng American Mission sa Egypt na nagpapaalam sa kanya na niyakap ko ang Islam.Nang sabihin ko ang aking totoong kwento kay Dr. Jamal ay lubos siyang namangha. Nang ipinahayag ko ang aking pagbabagong loob sa Islam, nagsimula ang mga bagong pagsubok. Ang pito sa aking mga dating kasamahan sa misyon ay sinubukan ang kanilang makakaya upang mahikayat ako na kanselahin ang aking deklarasyon, ngunit tumanggi ako. Binantaan nila ako na ihihiwalay ako sa aking asawa at sinabi ko: Malaya siyang gawin ang ayon sa nais niya. Nagbanta sila na papatayin ako. Ngunit nang makita nilang matigas ang ulo ko ay iniwan nila akong mag-isa at ipinadala sa akin ang isang matandang kaibigan na isa ring kasamahan sa aking misyon. Umiyak siya ng sobra sa harap ko. Kaya't binanggit ko sa harap niya ang mga sumusunod na taludtod mula sa Quran:

***“At kapag kanilang naririnig ang anumang ipinahayag [o ibinaba] sa Sugo [si Muhammad] iyong makikita ang kanilang mga mata na labis ang pagtulo ng luha ng dahil sa natunghayan nilang katotohanan. Sila ay nagsasabing: 'Aming Panginoon, kami ay naniwala, kaya kami ay [Iyong] italang mga saksi." At bakit nga ba hindi kami maniniwala sa Allah at sa anumang katotohanang dumating sa amin? At aming hinahangad na [nawa'y] kami ay papapasukin [sa Paraiso] ng aming Panginoon kasama ng mga taong matuwid.’” (Quran 5:83-84)***

Sinabi ko sa kanya:

“Dapat kang umiyak sa kahihiyan sa Diyos sa pakikinig sa Quran at maniwala sa katotohanan na alam mo ngunit tinanggihan mo. Tumayo siya at iniwan ako nang makita niyang wala itong silbi. Ang aking opisyal na pagbabalik loob sa Islam ay noong Enero 1960.”

Pagkatapos ay tinanong si G. Khalil tungkol sa saloobin ng kanyang asawa at mga anak at sumagot siya:

“Iniwan ako ng aking asawa sa oras na iyon at kinuha niya ang lahat ng mga kagamitan sa aming bahay. Ngunit lahat ng aking mga anak ay sumama sa akin at niyakap ang Islam. Ang pinaka masigasig sa kanila ay ang aking panganay na anak na si Isaac na

nagbago ng kanyang pangalan bilang Osman, gayundin ang aking pangalawang anak na si Joseph at ang aking anak na si Samuel, na ang pangalan ay Jamal, at anak na babae na Majida na ngayon ay tinawag na Najwa. Si Osman ngayon ay isang doktor ng pilosopiya na nagtatrabaho bilang isang propesor sa Sorbonne University sa Paris na nagtuturo sa mga pag-aaral sa oriental at sikolohiya. Nagsusulat din siya sa magazine na *'Le Monde'*. Patungkol sa aking asawa, iniwan niya ang bahay sa loob ng anim na taon at pumayag na bumalik noong 1966, sa kondisyon na papanatiliin niya ang kanyang relihiyon. Tinanggap ko ito, dahil sa Islam walang pamimilit sa relihiyon.Sinabi ko sa kanya: Hindi ko nais na ikaw ay maging isang Muslim para sa aking kapakanan ngunit pagkatapos lamang na makumbinsi ka.Nararamdaman niya ngayon na naniniwala siya sa Islam ngunit hindi niya maipahayag ito dahil sa takot sa kanyang pamilya, ngunit itinuring namin siya bilang isang babaeng Muslim, at siya ay nag-aayuno sa Ramadan dahil lahat ng aking mga anak ay nagdarasal at nag-aayuno.Ang aking anak na babae na si Najwa ay isang mag-aaral sa Faculty of Commerce, si Joseph ay isang doktor sa parmasyutiko at si Jamal ay isang inhinyero.

Sa panahong ito, mula pa noong 1961 hanggang sa kasalukuyan, nagawa kong maglathala ng maraming mga libro tungkol sa Islam at ang mga pamamaraan ng mga misyonero at orientalista ay laban dito. Naghahanda na ako ngayon ng isang paghahambing na pag-aaral tungkol sa mga kababaihan sa tatlong Banal na relihiyon na may layunin na bigyang pansin ang katayuan ng mga kababaihan sa Islam.Noong 1973, isinagawa ko ang Hajj (paglalakbay sa Mecca) at ginagawa ko ang mga aktibidad na nangangaral ng Islam. Ako ang may hawak sa mga seminar sa mga unibersidad at mga samahan ng pagkakawanggawa .Nakatanggap ako ng isang paanyaya mula sa Sudan noong 1974 kung saan nagdaos ako ng maraming mga seminar. Ang aking oras ay ganap na ginagamit sa paglilingkod sa Islam."

Sa wakas ay tinanong si G. Khalil tungkol sa mga nakamamanghang tampok ng Islam na higit na nakaakit ng kanyang pansin. At sumagot siya:

“Ang aking pananampalataya sa Islam ay naganap sa pamamagitan ng pagbabasa ng Banal na Quran at ang talambuhay ni Propeta Muhammad, nawa ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya. Hindi na ako naniniwala sa mga maling akala laban sa Islam, at lalo akong naakit sa konsepto ng kaisahan ng Diyos, na siyang pinakamahalagang katangian ng Islam. Isa lamang ang Diyos. Wala Siyang katulad. Ang paniniwalang ito ang nagdulot sa akin na maging alipin ng Diyos lamang at wala ng iba. Ang kaisahan ng Diyos ay nagpapalaya sa tao mula sa pagiging alipin mula sa sinumang tao at iyon ang tunay na kalayaan.

Gustong-gusto ko rin ang panuntunan ng kapatawaran sa Islam at ang direktang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang mga lingkod.

***“Sabihin: "O Aking mga alipin na nagmalabis [sa paggawa ng mga kasalanan] laban sa kanilang mga sarili, huwag kayong mawalan ng pag-asa mula sa habag ng Allah. Katotohanan, pinatatawad ng Allah ang lahat ng mga kasalanan. Katiyakan Siya ang lagi nang Mapagpatawad at Maawain. At magbalik-loob kayo [sa pagsisisi] sa inyong Panginoon at tumalima sa Kanya [sa Islam] bago dumating ang parusa sa Inyo; [sapagkat] pagkaraan [niyan] kayo ay hindi matutulungan.” (Quran 39:53-54)***

Ang web address ng artikulong ito:

https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/106/si-philobus-koptikong-pari-at-misyonaryo-na-ehipsiyano-bahagi-2-ng-2

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.